
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Mga Selebrasyon sa Pilipinas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MAPEH (Arts) – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Mga Selebrasyon sa Pilipinas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtatakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Daisy C. Sabellano
**Editors:** Celestino I. Sapiler, Jr, Vergita M Ibañez, Mark Joevel C. Buante
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Taniza, Ariel S. Tiston
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez
**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Ramir B. Uytico | Raul D. Agban |
| Arnulfo M. Balane | Lorelei B. Masias |
| Rosemarie M. Guino | David E. Hermano, Jr. |
| Joy B. Bihag | Shirley L. Godoy |
| Ryan R. Tiu | Eva D. Divino |
| Nova P. Jorge | Jo-Ann C. Rapada |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

# 5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Mga Selebrasyon sa Pilipinas

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Mga Selebrasyon sa Pilipinas.**

Ang modyul na ito ay dinisenyo, nilinang at sinuri sa pagtutulungan ng mga edukador mula sa mga pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang guro o tagapagdaloy una matulungan ang mga mag-aaral sa pagkakamit ng mga pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mga inihandang mapatnubay at malayang pagkatutong mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul ukol sa Mga Selebrasyon sa Pilipinas.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutunan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita mo kung ano-ano na ang iyong nalalaman hinggil sa araling nakapaloob sa modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto na matatagpuan sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o di kaya ay mga pangungusap o talatang may patlang na kailangan mong punan upang maproseso kung ano ang iyong natutunan sa aralin. |

| | |
|---|---|
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang magamit ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawaing naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutunang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutunang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing nakapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago lumipat sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling mahirapan kang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong nanay, tatay, nakatatandang kapatid o sinoman sa mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ng malalim na pang-unawa sa mga inaasahang kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



Tayong mga Pilipino ay likas na masayahin. Marami tayong mga selebrasyon at mga ipinagdiriwang na mga gawaing pambayan. Ang mga pagdiriwang na ito ay nagbubuklod sa mga Pilipino. Sama-sama tayong nagsasaya, nagbabatian at naghahanda upang maisakatuparan ang mga pagdiriwang na ito.

Sa modyul na ito ay iyong matututunan ang ilang selebrasyon o gawaing pambayan gaya ng Araw ng Kalayaan, Piyesta ng Bayan, Pasko, Bagong Taon at iba na impluwensya ng mga mananakop na dumating dito sa Pilipinas (A5EL-Ia). Inaasahang sa pamamagitan ng modyul na ito ay makamit mo ang mga sumusunod na layunin:

a. Natatalakay ang mga selebrasyon o gawaing pambayan na naimpluwensiyahan ng mga mananakop sa Pilipinas.
b. Nakabubuo ng likhang sining ng isang selebrasyon o gawaing pambayan.
c. Naipagmamalaki ang ilang selebrasyon o gawaing pambayan sa pamamagitan ng likhang sining.

## *Subukin*

Panuto: Magbigay ng apat na selebrasyon o gawaing pambayan sa iyong lugar. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________

Panuto: Makikita mo sa Hanay A ang mga selebrasyon at sa Hanay B naman ang mga petsa kung kailan ito ipinagdiriwang. Pagtambalin moa ng mga ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A. | B. |
|---|---|
| _______ 5. Araw ng mga Puso | a. Disyembre 25 |
| _______ 6. Bagong Taon | b. Pebrero 14 |
| _______ 7. Araw ng Kalayaan | c. Abril 9 |
| _______ 8. Araw ng mga Patay | d. Enero 1 |
| _______ 9. Araw ng Kagitingan | e. Hunyo 12 |
| _______ 10. Pasko | f. Nobyembre 1 |

| Aralin 1 | Mga Selebrasyon sa Pilipinas |
| --- | --- |

Maraming pagdiriwang sa loob ng isang taon. Ang mga pagdiriwang sa Pilipinas ay mga pambansang pagdiriwang, mga pansibikong pagdiriwang at mga pagdiriwang na panrelihiyon.


Ang mga okasyong ipinagdiriwang sa buong kapuluan ay yaong napakahalaga sa kasaysayan at lipunan. Nakikiisa ang bawat isa sa mga Pilipino sa pagdaraos ng mga ito kaya't tinatawag itong pambansang pagdiriwang. Karaniwang idinedeklarang pista opisyal o walang pasok sa mga opisina at paaralan ang mga pambasang pagdiriwang.


## *Balikan*


Panuto: Kilalanin ang mga selebrasyong makikita sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.  ______________________________

2.  ______________________________

3.  ______________________________

4.  ______________________________

5.  ______________________________


## *Tuklasin*

Panuto: Halina at sagutin ang *Pinoy Text Twist*. Buuin ang *jumbled letters* upang mabuo ang selebrasyon o gawaing pambayang impluwensya ng mga mananakop na dumating dito sa Pilipinas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. P K S A O ______________________________
2. Bagong T O N A ______________________________
3. Araw ng K Y A N A L A ______________________________
4. Araw ng mga P T A A Y ______________________________
5. Araw ng K N G A A G T I I N ______________________________


# *Suriin*

Tayong mga mga Pilipino ay likas na masayahin. Napagbubuklod-buklod tayo dahil sa mga selebrasyon at iba't ibang gawaing pambayan. Sama-sama tayong nagsasaya, nagbabatian at naghahanda upang maisakatuparan ang mga pagdiriwang na ito. Ang mga sumusunod ay iilan lamang sa mga selebrasyong taon-taon nating ipinagdiriwang.




<u>Araw ng Kalayaan</u>

Isa sa mga pinakamahalagang araw sa ating kasaysayan ang Araw ng Kalayaan na ipinagdiriwang tuwing ika-12 ng Hunyo. Sa araw na ito nabibigyang halaga ang ginawang kabayanihan ng ating mga ninuno sa pagkamit ng ating kalayaan mula sa pananakop ng mga Espanyol.



<u>Piyestang Bayan</u>

Ang bawat lugar o bayan ay may kani-kanilang panahon ng piyesta. Ito ay parangal sa santong patron ng bayan na ipinagdiriwang ng isang beses sa isang taon. Ang mahahalagang bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang misa at prusisyon. Dito nagkakaisa ang magkakaibigan at magkakamag-anak. Lahat ay nagsasaya dahil sa mga palaro at masasayang tugtugin ng mga musikong umiikot sa buong bayan habang ang iba naman ay nagsasalo-salo sa masaganang pagkain.




<u>Pasko at Bagong Taon</u>

Masayang ipinagdiriwang ng mga Pilipino ang Pasko at Bagong Taon. Sa panahong ito, bawat pamilya ay sama-samang nagsisimba at nag-aalay ng panalangin sa Dakilang Lumikha. Naipamamalas din sa panahong ito ang pagiging likas na mapagbigay ng mga Pilipino.

## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Panuto: Pagmasdan nang mabuti ang mga larawang nasa ibaba. Kilalanin kung anong selebrasyon ang makikita sa larawan at sumulat ng sanaysay tungkol sa iyong naging karanasan sa pagdiriwang na ito. Gawin ito sa iyong kwaderno. (Sa pagbibigay ng puntos, sumangguni sa Rubriks na makikita sa Tayahin.)



Sagot: ________________________________

________________________________

________________________________

**Gawain 2**

Panuto: Gumuhit ng isang likhang sining tungkol sa selebrasyon o gawaing pambayan na iyong nasaksihan. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong sa ibaba. Gawin ito sa iyong kwaderno.

Anong selebrasyon ang iyong ginuhit?

________________________________________________

Bakit ito ang iyong napili?

________________________________________________

________________________________________________

**Gawain 3**

Panuto: Isalaysay kung paano mo maipagmamalaki ang ginawang likhang sining. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

## *Isaisip*

Panuto: Kumpletuhin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang natutunan ko sa araling ito ay

2. Ang napagtanto ko sa araling ito ay

## *Isagawa*

Panuto: Bumuo ng likhang sining tungkol sa selebrasyon o gawaing pambayan gamit ang mga patapong bagay sa paligid. Gawin ito sa isang buong papel. Ipaliwanag ang mga impormasyon tungkol sa selebrasyong ito sa ibabang bahagi ng papel. Sa pagbibigay ng puntos, sumangguni sa Rubriks na makikita sa Tayahin.

(Babala: Sa pagbuo ng awtput, mag-ingat sa paggamit ng gunting at sa iba pang mga matutulis na kagamitang pansining.)

Pangalan ng selebrasyong nilikha:

*(Isulat ang pagtalakay sa ibabang bahagi)*



## *Tayahin*

Panuto: Pumili ng isang selebrasyon o gawaing pambayan mula sa mga nakatala sa ibabang bahagi. Bumuo ng sanaysay tungkol sa iyong naging karanasan nang ipagdiwang ang selebrasyong ito. Gawin ito sa iyong kwaderno. (Sa pagbibigay ng puntos, sumangguni sa Rubriks na makikita sa Tayahin.)

a. Araw ng Kalayaan
b. Piyesta ng Bayan
c. Pasko
d. Bagong Taon

**Ito ang Rubriks na gagamitin para sa pagsulat ng sanaysay**.

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 | Marka |
|---|---|---|---|---|
| Kalinisan at Kahalagahan | Malinis ang pagkakasulat ng sanaysay at kakikitaan ng makabuluhang nilalaman | Hindi gaanong malinis ang pagkakasulat ng sanaysay ngunit kakikitaan ng makabuluhang nilalaman | Hindi malinis ang pagkakasulat ng sanaysay at walang kabuluhan ang nilalaman | |
| Estilo | Ang ginamit na estilo ay malinaw, masining at nababasa | Ang estilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa | Walang kalinawan at pagkamalikhain | |
| Tema | Ang kabuuan ng awtput ay may kaugnayan sa tema | Karamihan sa nilalaman ay may kaugnayan sa tema | Ang nilalaman ay walang kaugnayan sa tema | |

**Ito ang Rubriks na gagamitin para sa pagwawasto ng ginawang likhang sining gamit ang mga patapong bagay.**

| **Pamantayan** | **Kapansin-Pansin (3)** | **Hindi gaanong kapansin-pansin (2)** | **Hindi Kapansin-pansin (1)** |
|---|---|---|---|
| Nagawa ko nang mahusay ang isang selebrasyon o gawaing pambayan. | | | |
| Nagamit ko ang mga patapong bagay sa paligid. | | | |
| Nakilala ko ang mga selebrasyon ng ilang pamayanang kultural sa bansa. | | | |
| Naipagmalaki ko ang nagawang sining. | | | |
| Napagtagumpayan ko ang gawaing ito. | | | |

Panuto: Pumili ng isang selebrasyong iyong naranasan at isulat kung paano mo ito maipagmamalaki. Gawin ito sa iyong kwaderno.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Mangalap ng mga larawan ng iba't ibang selebrasyon sa iyong bayan. Idikit ito sa iyong kwaderno.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

Sa sagot 1-5 Puedi magkahalohalo

1. Pasko
2. Pista ng Bayan
3. Araw ng mga Patay
4. Araw ng mga Puso
5. Araw ng Kalayaan
6. C
7. D
8. E
9. B
10. A

**Balikan**

11. Pasko
12. Pista ng Bayan
13. Araw ng mga Patay
14. Araw ng mga Puso
15. Araw ng Kalayaan

**Tuklasin**

1. PASKO
2. TAON
3. KALAYAAN
4. PATAY
5. KAGITINGAN

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

Iba-iba ang maaring sagot ng bata. (sumangguni sa rubriks para sa pagbigay ng puntos)

**Gawain 2**

Iba-iba ang maaring sagot ng bata. sumangguni sa rubriks para sa pagbigay ng puntos)

**Gawain 3**

Iba-iba ang maaring sagot ng bata. sumangguni sa rubriks para sa pagbigay ng puntos)

**Isagawa**

Iba-iba ang maaring sagot ng bata. (sumangguni sa rubriks para sa pagbigay ng puntos

**Tayahin**

Iba-iba ang maaring sagot ng bata. (sumangguni sa rubriks para sa pagbigay ng puntos

## *Sanggunian*

Valdecantos, Emelita. Umawit At Gumuhit 5. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, pahina 171-176

"Tula - 10 Halimbawa Ng Mga Tulang Pilipino - Philnews". 2020. Philippine News. https://philnews.ph/2020/01/07/tula-10-halimbawa-ng-mga-tulang-pilipino-philnews/.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph